THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 39 * Setyembre 25 - Oktubre 1, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph




Photo Courtesy: pna.gov.ph

## PGen Eleazar: 74% tauhan ng PNP, fully vaccinated na laban sa COVID-19

sundan sa pahina 2

## PNP Chief, bumista sa PRO6

sundan sa pahina 6

## 27 dating rebelde, nagparehistro

sundan sa pahina 10

## 3 suspek, huli sa P1-bilyon anti-illegal drug ops sa Cavite

sundan sa pahina 11



sundan sa pahina 3


# LIGTAS NA VOTER'S REGISTRATION, TAPAT NA HALALAN 2022, TINIYAK NG PNP



### PULISYAPEDIA

**Ano ang ignominy at paano ito naipapakita sa kasong rape?**

Ang ignominy ay isang pangyayari kung saan ang natural na epekto ng isang krimen ay pinapalala o dinagdagan ng kahihiyan o mistulang tinatanggalan ng dignidad ang biktima. Ito ay isang aggravating circumstances at may katumbas itong mas mataas na parusa sa batas. Sa kasong rape, nadadagdagan ang ignominy o kahihiyan sa biktima sa maraming paraan. Ilan sa mga ito ay ang panggagahasa sa parehong nanay at anak nang magkasunod, ang paggawa ng nasabing krimen laban sa anak o asawa ng isang tao sa harap nito, halinhinang panggagahasa ng ilang lalaki sa iisang babae, at iba pang paraan na hindi katanggap-tanggap.




E - SUMBONG



0919-160-1752 - SMART
0917-847-5757 - GLOBE
888 - Presidential Complaints Center
911 - National Emergency Hotline

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN GUILLERMO LORENZO T ELEAZAR

# PGen Eleazar: 74% tauhan ng PNP, fully vaccinated na laban sa COVID-19




**Umabot na sa 74% ang fully vaccinated kontra COVID-19 sa mga tauhan ng PNP. Ito ang inanunsyo ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar noong Setyembre 28.**

Nasa 73.98% o 164,787 tauhan ng PNP ang fully vaccinated habang 22.46% o 50,019 naman ang nakatanggap na ng first dose.

Samantala, 3.56% o 7,937 personnel pa ang hindi nababakunahan.

"Sa patuloy na pagdating ng mga bakunang binili ng gobyerno, umaasa ako na sa susunod na mga araw ay bakunado na ang buong hanay ng pulisya," pahayag ni PGen Eleazar.

"Malaking tulong ang bakuna kontra COVID-19 lalo na sa ating mga pulis na nasa frontline, kaya naman tayo ay nagpupursige upang lahat ay mabigyan ng dagdag proteksyon laban sa nakamamatay na virus," dagdag pa ng hepe.

# Panukalang batas para itaas ang statutory rape sa 16-anyos, suportado ng PNP




**Pasado na sa senado ang panukalang batas para itaas ang edad ng statutory rape mula 12-anyos sa 16-anyos.**

Nagpahayag ng suporta si PNP Chief Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa planong pagpapalawig sa batas. Aniya, malaking tulong ito upang maprotektahan ang mas marami pang indibidwal laban sa pang-aabuso.

"Suportado ng PNP ang panukalang ito upang mas maprotektahan natin ang mga bata na nagiging biktima ng rape sa ating bansa. Naniniwala ako na panahon na rin upang repasuhin ang batas hinggil sa rape dahil na rin sa nagbabagong sitwasyon sa lipunan," pahayag ng hepe.

"Any measure that will ensure the creation of a safer environment for children will always be supported by the police organization," dagdag pa ni Eleazar.

Sa botong 22 at isang abstention, ipinasa ang Senate Bill 2332 o An Act Increasing the Age for Determining Statutory Rape and other Acts of Sexual Abuse and Exploitation to Protect Children.

Aamyendahan nito ang Republic Act 3815 o Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation, and Discrimination Act.

Nakapaloob sa panukalang batas na maituturing na statutory rape ang pakikipagtalik sa babae o lalaki na may edad 16 pababa at maaaring kasuhan kahit lalaki o babae.

Kaugnay nito, tiniyak ni PGen Eleazar na naka-alerto ang PNP upang tulungan at bigyan ng hustisya ang mga naging biktima ng pang-aabuso sa bansa.

"Kakampi ninyo ang pulis sa bagay na ito. Huwag kayong magdalawang-isip na lumapit sa kapulisan kung kayo ay naging biktima ng sexual abuse. Handa kaming tumulong upang papanagutin ang mga taong gagawa nito sa inyo," giit ni PNP Chief.

# PGen Eleazar, tiniyak ang patuloy na reporma sa PNPA



*Photo Courtesy: bagiuoheraldexpressonline.com*

**Inihayag ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar noong Setyembre 28, na kasalukuyan ang pagsusuri sa mga polisiya at reporma sa mga programa ng Philippine National Police Academy (PNPA) upang mapagtibay ang disiplina at moral values ng mga kadete.**

Ito ay matapos ang isang insidente na nagresulta sa pagkasawi ni Cadet 3rd Class George Carl Magsayo.

Matapos hilingin ni Senator Sherwin Gatchalian at Agusan Representative Lawrence Fortun ang patas na batas at imbestigasyon sa pagkamatay ni Cadet 3rd Class George Carl Magsayo dahil sa umano'y pang-aabuso ng kanyang upperclassman.

Magsasagawa rin ng sariling imbestigasyon ang Commission on Human Rights hinggil sa insidente.

"Tinitiyak natin sa ating mga kababayan na agresibo ang pagpapatupad ng repormang iniutos ko at ito ang dahilan kung bakit tayo naglagay ng bagong pinuno ng PNPA," ani PGen Eleazar.

"Welcome din sa amin ang pagsasagawa ng imbestigasyon ng mga taga-CHR sa kasong ito bilang pagrespeto sa kanilang mandato," dagdag ng hepe.

Agad isinagawa ng PNP ang agresibong reporma sa PNPA simula nang hawakan nito ang akademya noong 2019 mula sa Philippine Public Safety College, sa ilalim ng RA 11279 na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte.

Kabilang dito ang istriktong pag-monitor at implimentasyon ng mga alintuntunin upang masiguro ang pagtalima ng PNPA sa Anti-Hazing Law, sa pamumuno ni Police Major General Rhoderick Armamento.

Matapos ang insidente kay Cadet 3rd Class Magsayo, agad inutos ni PGen Eleazar ang muling tingnan ang mga umiiral na panuntunan upang hindi na maulit muli ang hazing at pagmamaltrato sa mga kadete.

Noong Setyembre 27, itinalaga si PMGen Alex Sampaga, miyembro ng PNPA Class 1989, bilang bagong Direktor ng PNPA.

Samantala, kasong paglabag sa Anti-Hazing Law resulting to Homicide ang isinampa laban kay Cadet 2nd Class Steven Ceasar Maingat na kasalukuyang nasa kustodiya ng pulisya. Inaayos na rin ang pagsibak sa kanya sa Academy.

"Without compromising due process, mahalaga ang agarang aksyon sa anumang pagkakamali sa aming hanay upang hindi na pamarisan at hindi na lumala pa ang problema dahil naniniwala ako na magkakaroon ng breakdown of discipline sa ating bansa kung ang mga tagapagpatupad ng batas ang sila mismong lalabag dito. Hindi natin hahayaang mangyari ito," ani PGen Eleazar.

# Ligtas na voter's registration, tapat na halalan 2022, tiniyak ng PNP




*Photo Courtesy: politics.com.ph*

**Tiniyak ng Philippine National Police (PNP) ang maayos na voter's registration at ligtas na national at local elections sa Mayo 2022.**

Ayon kay PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, ang kagustuhan ng publiko na magparehistro at bumoto sa nalalapit na eleksyon ang nagsisilbing inspirasyon ng kapulisan upang siguraduhin ang ligtas at tapat na halalan.

Dagdag ng hepe, nananatiling nakaalerto ang PNP upang masupil ang mga private armed groups na nagbabalak ng karahasan at mga sangkot sa pagbebenta ng loose firearms na maaaring maging banta sa eleksyon.

Patuloy ang pakikipag-ugnayan ng PNP sa Commission on Elections upang mapanatili at matiyak ang ligtas at maayos na proseso ng pagpaparehistro.

Ipinag-utos na rin ni PGen Eleazar sa lahat ng police commanders ang pagdeploy ng mga karagdagang pulis sa voting registration areas upang matiyak ang kaligtasan ng publiko at masiguro ang pagsunod sa minimum health standards.

Samantala, nakahanda rin ang PNP upang tiyaking ligtas ang pagsumite ng Certificate of Candidacy ng mga nagbabalak tumakbo sa susunod na eleksyon.

# Gun ban, ipinatupad ng PNP para matiyak ang ligtas, payapang paghahain ng COC



**Sinuspinde ng Philippine National Police (PNP) ang Permit to Carry Firearms Outside Residence (PTCFOR) sa buong bansa upang matiyak ang ligtas at mapayapang paghahain ng Certificate of Candidacy (COC) mula Oktubre 1 hanggang 8.**

Ayon kay PNP Chief PGen Guillermo Lorenzo T. Eleazar, ang naturang suspension ay epektibo mula hating-gabi ng September 30 hanggang 7:00 ng umaga sa Oktubre 9.

Ito ay upang masiguro ang kaligtasan ng publiko at maiwasan ang firearm-related incidents sa paghahain ng mga kandidato ng kanilang COC para sa nalalapit na eleksyon.

Tanging mga miyembro ng PNP, AFP at iba pang Law Enforcement Agencies ang papayagang magdala ng baril na gagamitin lamang sa kanilang opisyal na mga trabaho at lehitimong operasyon.

Ang implimentasyon ng gun ban ay base sa PNP Memorandum Circular na Guidelines and Procedures in Securing the Conduct of the 2022 National and Local Elections, at sa letter request mula sa Commission on Elections (Comelec).

Una nang ipinag-utos ni PNP Chief sa lahat ng police commanders ang paghahanda para sa local at national elections sa Mayo 2022.

"I have already directed all police commanders to maximize the use of their social media accounts and coordination with the media and the communities for the dissemination of this information in order to avoid unnecessary troubles especially for responsible gun owners," dagdag ng hepe.

# PNP, nagsagawa ng simulation exercise bilang paghahanda sa COC filing




**Bago pa man magsimula ang paghahain ng Certificate of Candidacy (COC) at Certificate of Nomination and Acceptance (CONA) para sa 2022 elections, nagsagawa ang Philippine National Police ng Simulation Exercise (SIMEX) noong Setyembre 30, 2021 sa Kampo Crame.**

Ayon kay PNP Director for Operations Police Major General Rhodel Sermonia, dinaluhan ito ng 16 Police Regional Offices.

Kabilang sa mga isinagawa ay ang pagresponde sa shooting incident, bomb threat, girian ng mga tagasuporta, fire incident, pagdumog ng mga tagasuporta ng pulitiko na magsusumite ng COC, naiwan ng mga bagahe, assassination attacks, at iba pa.

Tiniyak naman ni Philippine National Police (PNP) Chief Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang deployment ng karagdagang mga pulis at intelligence personnel sa 8-araw na paghahain ng COC. Bukod sa mga pulis, naka-deploy din ang mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines, Bureau of Fire Protection, COMELEC, local government units, at disaster personnel.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar*

## Paghahanda para sa tamihik at ligtas na Halalan 2022 sa ating bansa

Puspusan ang paghahanda ng Pambansang Pulisya para sa darating na National at Local Elections 2021 sa ating bansa. Kaugnay nito ay mas pinaigting ng ating ahensya ang pagsasagawa ng iba't ibang programa, aktibidad, at operasyon upang matiyak na magiging maayos at tahimik ang halalan sa bansa.

Tinitiyak natin na patuloy natin itataguyod ang mga tagubilin ng ating mahal na Pangulo Rodrigo Roa Duterte na lahat tayo ay susunod sa mga ipinatutupad na batas at mga alituntunin para maiwasan ang karahasan at mga posibilidad na panggugulo bago at sa araw mismo ng eleskyon sa bansa.

Sa katunayan, sunod-sunod na ang aming matatagumpay na operasyon sa iba't ibang panig ng bansa na nagresulta sa pagkakahuli ng mga gun-runners, mga miyembro ng Private Armed Groups at pagkakakumpiska ng maraming baril na maaaring gamitin upang mandaya at isabotahe ang Halalan 2022.

Patuloy din ang aming mga intelligence-build up at monitoring sa iba't ibang panig ng bansa, lalo na sa mga lugar na may kasaysayan ng election-related violence. Target natin dito ang mga private armed groups at mga baril na maaari nilang gamitin sa paghahasik ng karahasan.

Patuloy din tayong nakikipag-ugnayan sa Commission on Elections, Armed Forces of the Philippines at iba pang ahensya para sa election security, kabilang ang paglalatag ng mga election hot spot, at personalidad at grupo na maaaring magamit ng ilang politiko.

Naniniwala tayo na nasa maagang paghahanda sa halalan sa susunod na taon, mas matitiyak natin na hindi makakaporma ang mga tao at grupo sa kanilang mga masasamang balak upang isabotahe ang eleksyon para sa kani-kanilang personal na interes. Lalo pa nating pinalalakas ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa AFP at iba pang law enforcement agencies dahil sa bandang huli, kabilang kami sa mananagot sa taumbayan kung hindi namin mapoprotektahan ang kanilang mga karapatan at boses sa pagpili ng mga lider na mamumuno ng ating bansa.

Mahigpit din nating pinapaalalahanan ang lahat ng mga miyembro ng ating ahensya na maging tapat sa taong bayan at sa Konstitusyon, hindi sa mga politiko. Ang sino mang pulis na masasangkot sa political partisan ay tiyak na bibigyan ng kaparusahan. Nagsisilbi tayo nang patas, at walang kinikilingan. Hinding-hindi tayo makikisawsaw o makikialam sa pulitika. Wala tayong ibang tungkulin, kundi ang panatilihin ang kaayusan at katahimikan sa buong bansa.

Samantala, ngayon pa lang na kasalukuyan ang filing ng certificate of candidacy, na magtatapos hanggang October 8, 2021 ay patuloy ang ating kapulisan sa pagbibigay ng seguridad sa mga magsusumite ng kanilang kandidatura.

# EDITORYAL

## BARANGAYanihan tungo sa pagbangon at kaunlaran

Nitong Setyembre 30, 2021 ay isinagawa ang sabay-sabay na paglulunsad sa buong bansa ng "Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan Towards National Recovery." Ito ay pinangunahan ng Tanggapang Pampanguluhan sa Operasyong Komunikasyon o PCOO katuwang ang kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal o DILG at ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas.


Ang nasabing aktibidad ay kolaborasyon ng lahat ng ahensya ng pamahalaan kasama ang mga boluntaryong grupo galing sa mga pribadong sektor partikular ang Global Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers. Ang proyektong ito ay naglalayong ipaalam sa publiko ang mga programa, polisiya, mga nagawa, at pagsisikap ng gobyerno tungo sa tunay na pagbabago sa buhay ng mga mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng paglalahad ng tunay na kwento mula sa mga benepisyaryo ng mga programa at polisiya ng administrasyong Duterte. Bukod dito, ang naturang karaban ay naglalayong dalhin ang mga pangunahing serbisyo ng gobyerno sa lokal na lebel at mag-aalok ng mga aktibidad para sa mga partisipante.

Katulad na lamang ng Department of Public Works and Highways (DPWH) na naglagay ng mga DPWH Public Assistance and Complaints Desk at DPWH Bigay Trabaho Help Desk upang makapagbigay ng trabaho sa ating mga kababayang nawalan ng trabaho bunsod ng pandemya at upang masigurong walang pang-aabuso na nararanasan ang kanilang mga manggagawa.

Ang Department of Labor and Employment (DOLE) naman ay pinaigting pa ang pagpapalaganap sa kanilang mga programa ukol sa pagbibigay ng trabaho tulad na lamang ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Worker o TUPAD, COVID-19 Adjustment Measures Program o CAMP, DOLE-AKAP o ang Financial Assistance program na inilunsad ng DOLE para sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19 at ang TABANG-OFW o ang programang magbibigay ng tulong, tulad ng pagsasanay at mga scholarship sa mga dependents ng Overseas Filipino Workers (OFWs) na pinabalik sa bansa dahil nawalan ng trabaho o namatay dulot ng pandemyang COVID-19.

Ang Department of Social and Welfare Development naman ay nagsagawa ng information dissemination sa pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo kasama ang tulong pinansiyal, tulong medikal, at pagkakaloob ng food pack sa bawat pamilya. Ilan pa sa kabahagi ng nasabing programa ang Social Security System o SSS, Technological Education and Skills Development Authority o TESDA at iba pang sangay ng gobyerno.

Ito ang nagpapakita sa whole-of-nation approach o ang kalipunan ng isang pambansang pamamaraan upang matiyak ang kaunlaran at ang pagbangon sa ating kasalukuyang kinasasadlakang krisis pangkalusugan. Tunay ngang ang barangayanihan o pagtutulungan ng mga nasa panig ng gobyerno at mga pribadong mamamayan saan mang sektor ng komunidad ay sumasalamin sa isang solidong lipunan na nagkakaisang makamit ang mithiing makabangon sa anumang pagsubok na dala ng pabago bagong panahon.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## One-day special passport processing sa Camp Crame, naging matagumpay

Naging matagumpay ang isinagawang "One-Day Special Passport Processing for PNP Personnel and Dependents" sa pangunguna ng Department of Foreign Affairs (DFA) at ng Philippine National Police (PNP) na ginanap sa PNP Multi-Purpose Center sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Pormal na binuksan ni PNP Chief, PGen Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang nasabing One-Day Special Passport Processing mula sa inisyatibo ng Directorate for Police Community Relations (DPCR) sa pamumuno ni PMGen Bartolome R. Bustamante para sa lahat ng ating mga pulis, dependents, at kaanak nito na gustong kumuha at magrenew ng kanilang pasaporte nang hindi na sila lumalabas pa ng Kampo Crame.

Sa kanyang naging mensahe ay nagpasalamat si Ms. Hannah Ingrid Menia, Team Leader, Passport on Wheels, DFA dahil sa mainit na pagtanggap at patuloy na suporta ng Pambansang Pulisya sa kanilang mga adhikain at programa mula noon hanggang ngayong panahon ng pandemya. Nagpasalamat din si PBGen Harris R Fama, Deputy Director, DPCR sa kanilang partner-agency sa Passport on Wheels dahil malaking tulong ito anya sa ating mga pulis at maging sa kanilang mga dependents at kaanak.

Mahigpit naman na ipinatupad ng ating Pambansang Pulisya ang mga Minimum Health Safety Protocols para sa lahat ng mga pre-registered applicants dahil nasa panahon pa rin tayo ng pandemya. Mahigit sa dalawang daan na mga pulis kasama ang kanilang mga kaanak at dependents ang napaglingkuran sa nasabing One-Day Special Passport Processing sa Camp Crame.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN GUILLERMO LORENZO T. ELEAZAR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL EDUARDO C. ABADAY**
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ano ang buhay na may kabuluhan?

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Papuri at pasasalamat sa ating Diyos na makapangyarihan sa lahat sa Kanyang patuloy na pagbibigay sa lahat ng ating mga kailangan.

Batid natin na ang ekonomiya ng buong mundo ay lubhang naapektuhan ng pandemyang covid-19. Gayunpaman ay nagpapasalamat ang inyo pong lingkod, sa kabila ng pandemya ay patuloy ang sahod natin at may mga karagdagang benepisyo pa tayong natatanggap. Tuloy ang trabaho, online iskuling at promosyon. Marami na ring nababakunahan sa ating kapulisan at mamamayan. Inaasam natin na sa mga susunod na buwan at unti-unting mapapanumbalik ang lahat sa normal na gawain. Lahat naman tayo ay ninanais na mapanumbalik ang lahat sa normal at ang Panginoong Diyos lamang ang nakaka-alam ng lahat ng bagay. Ako ay naniniwala na gaano man kahusay at kaganda ang plano at panukala na inihanda ng tao. Kung ito ay hindi naaayon sa kalooban ng Panginoong Diyos, ito ay walang kabuluhan.

Si Haring Solomon na pinaka-matalinong hari ng Israel ay sinikap na makamit ang makapag-bibigay ng kahulugan, kasapatan at kaligayahan sa buhay. At ito ang kanyang sinabi:

"Sinabi ko sa aking sarili, "Halika, subukan mo kung ano ang kahulugan ng kaligayahan; magpakasaya ka!" Subalit ito man ay walang kabuluhan.[a] 2 Ang halakhak ay ipinalagay kong kahangalan at ang kaligayahan ay walang kabuluhan.[b] 3 Sa pagnanasa kong makamit ang karunungan, ipinasya kong magpakalasing sa alak. Sa loob-loob ko'y ito na ang pinakamainam na dapat gawin ng tao sa maikling panahong ilalagi niya sa mundong ito. 4 Nakagawa ako ng mga dakilang bagay. Nakapagpatayo ako ng malalaking bahay at ginawa kong ubasan ang paligid nito. 5 Gumawa ako para sa aking sarili ng mga hardin at liwasan. Tinamnan ko ito ng lahat ng uri ng punongkahoy na mapapakinabangan ang bunga. 6 Humukay ako ng mga balon na pagkukunan ng pandilig sa mga pananim na ito. 7 Bumili ako ng mga aliping babae at lalaki. Ang mga alipin ko'y nagkaanak na sa aking tahanan. Ang kawan ko'y ubod ng dami, walang kasindami kung ihahalintulad sa kawan ng mga haring nauna sa akin. 8 Nakaipon ako ng napakaraming pilak at ginto mula sa mga lupaing nasasakupan ko. Marami akong mang-aawit na babae't lalaki. Marami akong asawa at pawang magaganda. Wala nang hahanapin pa ang isang lalaki, lalo na kung tungkol din lang sa babae. 9 Higit akong dinakila kaysa sinumang haring nauna sa akin. Taglay ko pa rin ang aking karunungan. 10 Wala akong ginustong hindi ko nakuha. Ginagawa ko ang lahat ng aking magustuhan. Nalulugod ako sa aking mga ginagawa at iyon ang pinakagantimpala ng aking mga pinagpaguran."

Mangangaral 2:1-10

Ano ang ginawa at nakamit ni Solomon habang siya ay nabubuhay?

1. Nagpakasaya siya
2. Nakapag-patayo ng malaking bahay, palasyo
3.Magandang hardin na may iba`t-ibang uri ng halaman at puno
4. Humukay ng balon at irigasyon para kanyang pananim
5. Bumili ng aliping lalaki at babae
6. Napakaraming kawan at alagang hayop
7. Maraming salapi, kayamanan, at aliping mang-aawit
8. Maraming magagandang asawa
9. My taglay ng talino mula sa Diyos
10. Nakamit niyang lahat ng kanyang ginusto

Nakay Haring Solomon na ang lahat ng hinahangad ng isang tao. Ngunit sinabi niya sa lahat ng kanyang nakamit?.

Pagkatapos, inisip kong mabuti ang mga ginawa ko at ang pagod na aking pinuhunan. Nakita kong ang lahat ay pawang walang kabuluhan; tulad lang ito ng paghahabol sa hangin."

Mangangaral 2:11

Ang katanyagan, kasikatan, impluwensiya ay mawawala. Maging ang siyensiya ay naghahanap ng solusyon upang pigilan ang pagtanda at mapanatili ang kabataaang anyo. Hindi natin mapipigilan ang pagtanda. Darating sa bawat-isa ang kamatayang na hindi natin inaasahan.

Ang katotohanan, ang lahat ng bagay sa mundong ito ay mawawala. Isipin na lang natin na ang pinaglaanan natin ng mahabang panahon, lakas at salapi ay mawawala rin. Ang nakakalungkot pa nito ay mailaan natin ang buhay natin sa mga bagay na walang kabuluhan. At sasabihin natin na, "Sayang:"

Ano ang magbibigay sa atin ng buhay ng may kahulugan ayon kay Haring Solomon?


"Sa kabila ng lahat ng ito, isa lamang ang aking masasabi: Matakot ka sa Diyos at sundin mo ang kanyang mga utos sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao." Mangangaral 12:13

1. Matakot sa Diyos
2. Sundin ang utos ng Diyos

Ang dalawang nabanggit ang buong katungkulan ng tao. Ang pagkatakot sa Diyos ay ang paggalang at pagkilala sa Kanya bilang Makapangyarihang Diyos, na nagdudulot sa atin ng kaalaman upang gawin natin ang mga bagay na naaayon sa Kanyang kalooban.

"Ang takot sa Panginoon ay pasimula ng kaalaman". Kawikaan 1:7

Pagsunod sa Panginoong Diyos sa Kanyang kautusan ng buong puso na walang anumang pag-aalinlangan at pagtitiwala sa Kanyang mga "Salita" ang magbibigay ng kabuluhan at kagalakan sa buhay.




## 7th Most Wanted ng Delpan PS, timbog

**Sa pinaigting na manhunt operation ng Delpan Police Station (PS-12), nahuli na sa wakas ang kanilang 7th Station Level Most Wanted Person sa krimeng Frustrated Murder noong Setyembre 26, 2021 sa Tondo, Manila.**

Pinapurihan ni PMGen Vicente D. Danao Jr., RD, NCRPO ang tracker team ng Delpan Police Station, sa pangunguna ni PLt Jouie Q. Molina, Chief, Station Warrant Section, sa superbisyon ni PLtCol Cenon R. Vargas, Station Commander, sa kanilang matagumpay na pag-aresto sa akusado na kinilalang si Ramon Gulferia alyas Ramon Baylon y Curot, 56 taong gulang, construction worker at residente ng 224 APEC St., Parola Compound, Tondo.


Si Gulferia ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas noong Marso 1, 2018 ni Hon. Judge Rosalyn D. Mislos-Loja, Presiding Judge, RTC Branch 41, Manila City na may rekomendadong piyansa na PHP 200,000.

Ang akusado ay kasalukuyang nakakulong sa custodial facility ng PS-12, Delpan, MPD habang hinihintay ang commitment order at paglipat sa Manila City Jail.

"Ang nagawang ito ng Delpan Police Station ay isang pagpapatunay na ginagawa ng ating mga tauhan ang kanilang trabaho nang buong husay, at akin silang pinupuri sa kanilang pagsusumikap sa bagay na ito. Kahit may pandemya, hindi sila nag-aaksaya ng oras lalo na sa kanilang 24/7 na pagsubaybay sa akusado," pahayag ni PMGen Danao.

*(NCRPO- PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*





# PNP Chief, bumista sa PRO6



**Patuloy ang pag-iikot ni PNP Chief Police General Guilermo Lorenzo T. Eleazar upang bisitahin at tingnan ang kalagayan ng mga kapulisan sa buong bansa.**

Nagtungo ang hepe sa Cebu kung saan una niyang binisita ang Nuestra Señora del Patrocinio de Maria Parish Church para magdasal at humingi ng bendisyon.

Pagkatapos dito, umikot si PNP Chief Eleazar sa mga istasyon ng pulisya at nakita ang maayos na implementasyon ng Intensified Cleanliness Policy ng PNP. Kabilang sa mga binisita ay ang Boljoon Police Station, Oslob Municipal Police Station, at Santander Municipal Police Station.


Samantala, pinangunahan ni PNP Chief ang paggawad ng parangal sa mga pulis na nagpamalas ng dedikasyon at tapat na pagseserbisyo sa Guihulngan City Police Station, Negros Oriental.

Nagsagawa rin ng inspeksyon ang hepe sa naturang istasyon upang tiyakin ang maayos na pagpapatupad ng ICP.














# Retirement Honors at Turn-over of Office ni PMGen Casimiro, ginanap sa PRO2



Pinangunahan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang Retirement Honors at Turn-over of Office ni PMGen Angelito A. Casimiro, outgoing Direcorate for Logistics, na ginanap sa Police Regional Office 2, Camp Marcelo A Adduru, Tuguegarao City, Cagayan ngayong ika-1 ng Oktubre, 2021.

Si PMGen Casimiro ay nanungkulan bilang Director ng Directorate for Logistics ng mahigit isang (1) taon at pitong (7) buwan.

Malugod namang tinanggap ni PBGen Ronaldo E. Olay, ang bagong posisyon bilang bagong Acting Director, Directorate for Logistics.

Bahagi ng seremonya ang pagturn-over ng office symbol, office property, at equipment inventory book kay PBGen Olay na pinangasiwaan ni PNP Chief, PGen Eleazar.

Sa kanyang mensahe, nagpasalamat si PGen Eleazar sa mahigit 37 taong pagbibigay-serbisyo ni PMGen Casimiro ng PMA Class 1988 (Maringal Class).

Pinuri din ng hepe ng pulisya ang ipinamalas ni PMGen Casimiro na dedikasyon sa pagseserbisyo at malaking kontribusyon sa hanay ng Pambansang Pulisya.

Sa bagong Acting DL, kumpiyansa rin si PGEn Eleazar sapagkat naging magaan at maayos ang trabaho ni PBGen Olay sa kanyang dating posisyon na Chief, PIO.

Naging madamdamin naman ang mensahe ni PMGen Casimiro na nagpapasalamat sa kanyang pamilya, mga kaibigan, at mga dating katrabaho kabilang na ang mga kapulisan ng Police Regional Office 2 sa pangunguna Ni PBGen Ludan.

Si PMGen Casimiro ay nakatakdang magretiro kasabay ng kanyang kaarawan sa Oktubre 2.

Samantala, dumalo rin sa naturang seremonya sina USEC Debold M. Sinas, dating Chief, PNP at Upper Class ng retiree; PLtGen Dionardo B. Carlos, TCDS; PLtGen Bernabe M. Balba, TDIPO-Visayas; PLtGen Marni C. Marcos, Jr, TDIPO-NL; PMGen Dennis P. Agustin, TDI; at MGen Laurence E Mina, Commander, 5ID, PA; at PMGen Domingo R Lucas, 2TDRD.



# Ika-109 libreng bahay, iginawad; Project "UBE", inilunsad sa Cagayan

**Pinangunahan ni Mrs. Rosalie "Lally" Eleazar, adviser ng PNP Officers' Ladies Club, ang paggawad ng bagong bahay sa piling benepisaryo sa Tuguegarao City, Cagayan noong Setyembre 30.**

Ang proyektong pabahay ay bahagi ng programang "Lingkod Bayanihan" ng Police Regional Office 2, sa pamumuno ni Police Brigadier General Steve Ludan.

Iginawad ang bagong tayong bahay kina Mr. Junior "Mang Jun" Pangan at Mrs. Wilma Pangan, kasama ang kanilang limang (5) anak.

Si Mang Jun ay dating nagmamay-ari ng maliit na patahian na siyang pinagkukunan ng panggastos sa kanilang pangunahing pangangailangan. Siya, kasama ng kanyang asawa, ang nagtatahi sa mga uniporme ng mga kapulisan.

Dahil sa pandemya, nawalan sila ng trabaho at nakita ng Tuguegarao City Police Station ang estado ng kanilang pamumuhay at tahanan noong hinanap siya para magpatahi ng uniporme. Dahil sa nakitang hirap na kalagayan, kinonsidera ng naturang istasyon para maging benepisyaryo ng pabahay si Mang Jun.

Lubos ang tuwa at pasasalamat ng pamilya ni Mang Jun sa "Pulis Na't Tuguegarao" sa kanilang natanggap na bagong bahay.

Personal na itinurn-over ni Mrs. Lally Eleazar ang symbolic key ng bahay sa pamilyang Pangan na sinundan ng ribbon cutting at pagbasbas na pinangasiwaan ni Pastor Bernardo Bondok ng Lord of the Nation.


Ito na ang pangalawang yunit ng bahay na ipinamahagi ng Valley Cops sa Tuguegarao City, ika-32 sa probinsya ng Cagayan at ika-109 sa buong rehiyon.


Samantala, kasabay ng naturang seremonya ay ang pamamahagi ng food packs, mga gulay, tsinelas para sa mga bata at feeding program bilang bahagi ng PNP BARANGAYanihan, kung saan nasa 70-kataao ang naging benepisaryo.


Sinundan ito ng paglulunsad sa "Project UBE" (United for Baby of Eve, Isandaang Piso para sa batang may kailangan). Ito ay inisyatibo ng Cagayan Police Provincial Office na naglalayong bigyang-atensyon at tulungan ang mga batang may espesyal na pangangailangan.


Dumalo rin sa seremonya sina Tuguegarao City Councilors Ms. Karina Gauani at Ms. Grace Arago; Police Brigadier General Ludan; Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director, Cagayan PPO; Mrs. Lizette Ludan, PRO2 OLC Adviser; Mrs. Leah Sabaldica, presidente ng PRO2 OLC; Barangay Chairman Nestor Bueno ng Balzain East, Tuguegarao City; at iba pang miyembro ng PNP, PRO2 OLC, at local government officials.






## BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

### Isang Pulis, Isang Ama!


Ang mga alagad ng batas ay tagapangalaga nang kaayusan at kapayapaan ng lipunan, tagapagtanggol ng mamamayan laban sa mga manliligalig, protektor ng mahihina at mga walang lakas sa lipunan. Ang inyong pulisya ang tumutugis sa mga kriminal at mga terorista na naghahasik nang takot at pangamba sa mamamayan. Ang bawat kasapi ng inyong Philippine National Police (PNP) ay nakalaang mag-alay ng sarili upang tuparin ang kanilang sinumpaang tungkulin. Bilang isang ama, tayo ang haligi ng tahanan at gumagabay sa ating mga anak. Hangad natin ang kanilang magandang kinabukasan. Sinisikap natin na ibigay sa ating mga anak ang isang ligtas na pamayanan, malaya sa kriminalidad at terorismo.

Bilang ama, sinisikap natin na makapiling ang ating pamilya lalo na sa mahalagang araw ng kanilang kaarawan. Ang pamilya ay itinuturing na pinakamahalagang sangay ng komunidad, ng lipunan. Subalit sa mga kriminal at manliligalig, ito ang kanilang pangunahing target na dapat wasakin.

Kaya napakalungkot isipin kung ang isang ama ay lumisan sa mundo sa mismong araw ng kaarawan ng kanyang minamahal na anak.

December 18, 2019 magpapasko na noon kung kaya masayang-masaya si PSSgt Emmanuel Lamigo, 39 anyos, Desk Officer ng Marihatag Police Station, Surigao Del Sur. Bukod sa magpapasko na ay birthday din ng kanyang anak kaya mula sa istasyon ng pulisya ay masigla siyang umuwi upang makadalo sa pagdiriwang. Mahal na mahal niya ang kanyang pamilya at sila ang inspirasyon niya sa kanyang propesyon. Nang marating niya bandang 6:30 ng gabi ang harapan ng kanilang bahay sa Barangay Poblacion, agad siyang bumaba sa kanyang motorsiklo. Ngunit sa halip na yakap ng anak ang sumalubong sa kanya ay sunud-sunod na putok ng baril ang umalingawngaw sa paligid.

*sundan sa pahina 9*




# Most Wanted Person, arestado sa Bacolod City



**Arestado ang isang Most Wanted Person ng Bacolod City Police Office na nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.**

Bandang 9:00 ng umaga noong Setyembre 30, 2021, nadakip si Raymart Maat y Batislaong, 25 taong gulang at residente ng Barangay Banago, Bacolod City, Negros Occidental.

Si Maat ay inaresto ng PNP Drug Enforcement Group at Bacolod CPO sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Juvy A. Victoriano-Dioso, Presiding Judge ng RTC Branch 49 sa Bacolod City, Negros Occidental noong October 1, 2020.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Police Station 3 ng Bacolod CPO para sa karagdagang dokumentasyon at tamang disposisyon.

# 3 Most Wanted Person, arestado

**Naaresto ang tatlong (3) Most Wanted Person sa MIMAROPA noong Setyembre 30, 2021 at Oktubre 1, 2021.**

Ang Rank 4 Most Wanted Person-Provincial Level ay naaresto sa Marfrancisco, Pinamalayan, Oriental Mindoro noong Oktubre 1, 2021 na kinilalang si Edelron Historillo, 34 taong gulang, married, laborer at residente ng naturang lugar sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Harry D Haminola, Presiding Judge ng RTC ng Pinamalayan, Oriental Mindoro sa kasong Qualified Rape.

Sa parehong araw din ay naaresto ang Rank 1 Most Wanted Person-Municipal Level noong Oktubre 1, 2021 na kinilalang si Ruel Servando Francisco, 48 taong gulang, magsasaka, at residente ng Barangay Decalachao, Coron, Palawan.

Si Francisco ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na ipinalabas ni Hon. Judge Arnel P. Cezar, Presiding Judge ng RTC Branch 163 Coron, Palawan para sa paglabag sa RA 8353 (Rape by Sexual Assault at Rape by Carnal Knowledge)

Gayundin, naaresto ang Rank 3 Most Wanted Person-Municipal Level sa pinagsamang pwersa ng mga tauhan ng San Jose Municipal Police Station at Maritime Police Station sa Barangay Poblacion 7, San Jose, Occidental Mindoro noong Setyembre 30, 2021 na kinilalang si Vergilio Enano Valdez, 26 taong gulang, may asawa, mangingisda, at residente ng Barangay Ilin Proper, San Jose, Occidental Mindoro.

Si Valdez ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Ulysess D Delgado, Presiding Judge ng Regional Trial Court, Br 46, San Jose, Occidental Mindoro para sa kasong Murder.

Ang mga naaresto na Most Wanted Persons ay nasa kustodiya na ng kani-kanilang mga Police Station para sa tamang disposisyon.

# Suspek sa pananaga sa Catanduanes, nabisto



**Mabilis na nakilala at natukoy ng Bato Municipal Police Station ang suspek sa pananaga sa isang lalaki sa Barangay San Roque Bato, Catanduanes nitong ika-28 ng Setyembre 2021 dakong 7:30 ng gabi.**

Base sa imbistigasyon, habang naglalakad pauwi umano ang biktima na itinago sa pangalang "Lino" nang bigla na lamang sumulpot sa kanyang likuran ang suspek at walang kaabog-abog na pagtatagain ng makailang beses ang likurang bahagi ng kanyang ulo.

Ang insidente ay nasaksihan ng kaanak ng biktima na silang umagapay habang ito ay nakabulagta at duguan. Dinala ito sa Bato Maternity and Children's Hospital at kalaunay inilipat sa Eastern Bicol Medical Center (EBMC) sa Bayan ng Virac para bigyan ng karampatang lunas. Batay sa pinaka huling balita ay inilipat sa I.C.U. ng Immaculate Heart of May Hospital ang biktima.

Agad na ipinagbigay alam ng isa sa opisyales ng barangay ang insidente sa himpilan ng pulisya kaya't agad na sinuyod ang kinaroroonan ng suspek na itinago sa pangalang "Leo"

Bandang alas otso ng umaga, tinungo ng kawani ng Bato MPS ang kinaroroonan ng itinuturong suspek sa Barangay Batalay sa Bayan ng Bato kung saan ito ay naaktuhan na nagsusunog ng kanyang personal na gamit.

Ang mga narekober na gamit ay isasailalim sa eksaminasyon at pagsisiyasat upang matukoy kung ito'y maaaring gamiting ebidensya para sa kasong isasampa laban sa suspek.

Ang biktima na nagtamo nang hindi bababa sa apat (4) na taga sa kaniyang ulo at kamay, ay nasa kritikal na kundisyon. Ang suspek ay nasa custodial facility na ng Bato MPS habang inihahanda na ang kasong frustrated murder at serious physical injury laban sa kanya.

Patuloy pa rin ang pagsasagawa ng imbestigasyon ng kapulisan ng PNP Bicol at titiyakin din nito ang pagbibigay ng hustisya sa biktima.

# Drug den, sinalakay ng PNP-PDEA; Php420K shabu, nakumpiska

**Limang (5) suspek ang naaresto at higit-kumulang Php420K halaga ng shabu ang nakumpiska sa operasyon ng Philippine National Police at Philippine Drug Enforcement Agency sa Limay, Bataan noong Setyembre 28, 2021.**

Ayon kay PCol Joel Tampis, Acting Provincial Director ng Bataan Police Provincial Office, ikinasa ang buy-bust operation bandang 6:00 ng gabi na nagresulta sa pagkakabuwag ng isang drug den sa kahabaan ng Chico Street, Barangay Landing sa Limay, Bataan.

Arestado sina Alberto Aguilar, 40 anyos; Ernie Tanarte, 51 anyos; Mark Anthony Cuevas, 35 anyos; Frankie Olarte, 30 anyos; at Jocelyn Liwanag, 39 anyos.

Nakumpiska naman sa naturang operasyon ang 12 sachets ng hinihinalang shabu na may bigat na 60 gramo at nagkakahalaga ng Php420,000.

Kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drug Act of 2002 ang inihahanda laban sa mga suspek.

# 2 suspek sa pagbebenta ng iligal na droga, nahuli



**Nagsagawa ng buy-bust operation kontra iligal na droga ang mga operatiba ng Bulacan Police Provincial Office sa Barangay Kaybandan, San Jose Del Monte, Bulacan noong September 29, 2021.**

Ayon kay PLtCol Julius C Alvaro, Acting Chief of Police ng San Jose Del Monte Police Station, nakatanggap sila ng impormasyon hinggil sa bentahan ng iligal na droga sa nasabing bayan kaya agad niyang inatasan si PLt Reynaldo B Bayan at iba pang miyembro ng Intel/CDEU na magsagawa ng buy-bust operation.

Bandang 8:00 ng gabi, nahuli ang mga suspek matapos magbenta ng hinihinalang marijuana sa isang poseur-buyer na pulis.

Kinilala ang mga suspek na sina Ian Joaquin Angelo Formaran y Montes, 20 anyos, binata, isang tattoo artist, at nakatira sa B32, Tercias Compound, Orchid St., Barangay Payatas, Quezon City at Ma. Theresa Revilla y Balacano, 32 anyos, walang trabaho, at nakatira sa B7, L10 Camella Cielo, Barangay Kaybandan, San Jose Del Monte, Bulacan.

Nakuha mula sa mga suspek ang marked money na nagkakahalaga ng Php10,000 at isang (1) kilong hinihinalang marijuana.

Nakumpiska rin sa posesyon ng mga suspek ang dalawang (2) plastic wrapped na marijuana fruiting tops na humigit kumulang tatlong (3) kilo na nagkakahalaga ayon sa DDB value na Php360,000.

Nasa kustodiya na ng nasabing istasyon ang mga suspek para sa tamang disposisyon at nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

# Isang Pulis, Isang Ama!

*mula sa pahina 8*

Nabigla man sa pangyayari, nakabunot pa rin ng kanyang baril si PSSgt Lamigo upang lumaban subalit tinamaan siya ng punglo sa noo. Lumatag sa lupa ang katawan ng pulis na tinamaan ng mga bala ng cal 45. Umagos ang dugo ng pulis sa harapan mismo ng kaniyang tahanan, kasabay din nito ang pagpatak ng luha ng kanyang pamilya at anak na nagdiriwang ng kaarawan. Kaagad namang tumakas ang dalawang salarin papunta sa Baybay area sakay ng motorsiklo.


Nagdiwang ang mga kriminal at manliligalig sa matagumpay nilang pagpaslang sa isang pulis, sa isang ama, sa isang kasapi ng komunidad na naghahangad na mamuhay nang payapa at may katiwasayan. Sa kanilang pagbubunyi at pagtangan sa baluktot nilang prinsipyo, ninakawan nila nang ama ang dalawang anak ni PSSgt Lamigo, winasak nila ang magandang pangarap ng isang pamilya.

Sa ating mga kapatid na pulis na nasugatan at nag-alay ng buhay dahil sa pagtatanggol para sa ating kapayapaan at demokrasya, saludo po kami sa inyong katatagan at dedikasyon sa tungkulin.

# Motorcycle riding course sa PRO2, sinimulan na



*Photo Courtesy: PRO2 PIO*





**Sa isang simpleng seremonya, pormal nang sinimulan ng Police Regional Office 2 ang Executive Motorcycle Riding Course (EMCRC) at Motorcycle Riding Course (MCRC).**

Nasa 86 Police Commissioned Officer, kabilang si Police Brigadier Steve Ludan, kasalukuyang Regional Director ng PRO2, at mga civilian riders mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno at pribadong sector, ang sasailalim sa Executive Motorcycle Riding Course.

Samantala, 36 police officers naman ang nakarehistro sa regular na Motorcycle Riding Course.

Dumalo sa naturang seremonya si Retired Police Brigadier General Crizaldo Nieves, ang dating Regional Director ng PRO2, bilang Guest of Honor and Speaker.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni Nieves ang kahalagahan ng Motorcycle Riding Course para sa mga pulis. Aniya, malaking tulong ang mga matutunan nila sa kurso upang mas mapaigting ang pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad.

Ang EMCRC at MCRC ay sa ilalim ng pangangasiwa ng Regional Highway Patrol Unit 2.

# 27 dating rebelde, nagparehistro




**Handa ng bumoto ang 68 miyembro ng Ata Matigsalug Tribe na kinabibilangan ng 38 former rebels sa ilalim ng Pulang Bagani Command sa Marilog District, Davao City.**

Matapos ang mahigit dalawang dekadang hindi pagboto, ngayon ay handang handa na ang 27 sa 38 na dating miyembro ng komunistang grupo upang bumoto sa kauna-unahang pagkakataon, ito'y matapos silang magparehistro sa COMELEC kahapon, September 29, 2021.

Habang ang labing isa (11) naman na hindi nakapagparehistro kahapon ay inaasahang makakapagparehistro pa sa susunod na mga araw.

Madaling araw palang ay naglakad na sila patungong bayan kung saan sila ay sinundo ng Davao City Police Station-City Mobile Force Company sa koordinasyon ng Police Regional Office 11 upang sila'y matulungan sa pagpaparehistro dahil karamihan sa kanila ay hindi makapagbasa at makapagsulat.

"Dahil sa Revitalized-Pulis sa Barangay, ngayon ay makakaboto na kami dahil sila ang naging daan upang kami ay maliwanagan sa tamang daan na aming tatahakin at isa na dito ang pakikiisa sa halalan upang makapili kung sino ang taong karapatdapat mamuno sa ating bansa" ani Bae Aida Seisa.

Sa registration site ay tinungo ng Regional Community Affairs and Development Division personnel sa pangunguna ni PMaj Jane F Golocan, kasama sina PMaj Rowena Jacosalem, at R-PSB personnel sa pamumuno ni PLt Carlo C Magno at PLt Vincent Rafael Dela Cruz upang sila'y personal na matulungan at nagdala na rin ng food packs ang PRO 11 RCADD para sa kanila.

# Hide-out ng mga rebelde, sinalakay sa Nueva Ecija



**Sinalakay ng pwersa ng pulisya at militar ang pinagtataguan ng mga dating rebelde sa Gapan, Nueva Ecija noong Setyembre 26, 2021.**

Nadiskubre ang naturang kuta sa tulong ng mga dating rebelde, ayon kay PCol FITZ Macariola, Force Commander ng RMFB3.

Nakuha sa naturang lugar ang 25 litro ng bigas; dalawang (2) piraso ng 9 volts battery; 10 non-electric blasting cap; apat (4) na electric blasting cap; time fuze 10 inches; dalawang (2) toggle switch; anim (6) na resistor; dalawang (2) crocodile clip; dalawang (2) pvc pipe improvised land mine; dalawang (2) supot ng hinihinalang explosive ingredient; at iba pang mga kagamitan.

Ang operasyon ay isinagawa ng RMFB3, 1st PMFC NEPPO, 22nd SAC SAF, Gapan City Police Station at 84th IB 7ID PA.

Patuloy ang imbestigasyon at operasyon ng PNP at AFP upang matukoy ang iba pang pinagtataguan ng mga komunistang grupo para tuldukan ang insurhensya at terorismo.

# Ex- CTG lecturer, sumuko

**Isang dating CTG lecturer ang sumuko sa 12th Infantry Batallion, 3rd Infantry Division, Philippine Army Headquarters, Camp Carreon, Calinog, Iloilo noong Setyembre 26, 2021. Lumalabas na ito ay may nakabinbing Warrant of Arrest para sa 8-count ng Attempted Murder at RA 9516 (Unlawful Possession of Explosives).**

Ang sumuko ay kinilalang si Alias "Abing" na nakalista sa working Periodic Status Report (PSR) bilang miyembro ng Squad 2, Platoon 2, Front 14, Komiteng Rehiyon Panay, (KR-P).

Si Alias "Abing" ay pumasok sa Underground Movement noong Hulyo 1986 at nirecruit ni Kumander Alano at Bob Giganto. Siya rin ay nagsilbi bilang Semi Legal Team Lecturer sa Land Reform sa kanilang grupo at mga sibilyan matapos niyang mamaster ang subject sa loob ng limang taon.

Nalaman sa impormasyon na siya ay sumuko na sa gobyerno noong 1991 at nakakuha ng amnestiya at benepisyong alok ng gobyerno.

Sa kabila nito ay lumabas pa rin na siya ay nakilala bilang isa sa may Search Warrant noong isinasagawa ang Law Enforcement Operation ng gobyerno noong Disyembre 30, 2020 ngunit wala naman ito sa kanyang tirahan noon.

Noong Enero 5, 2021, siya ay muling pumasok sa Underground Movement, matapos marecruit ni Gaspar Matullano alias Ka Mayok/ Glu, Secretary ng Front 14, KR-Panay (base sa working PSR) sa Brgy. Nayawan, Tapaz, Capiz at nagsilbi bilang cook o tagaluto.

Dahil sa kanyang edad at paghihirap sa loob ng armadong kilusan, nagdesisyon uli siyang lumabas at sumuko sa mga awtoridad noong Agosto 2021. Siya ay humingi ng permiso sa kanyang kumander para magbakasyon at doon nagawa niyang makatakas.

Noong Setyembre 26, 2021, sa tulong ng militar at mga opisyal ng Brgy. Tacayan, Tapaz, Capiz, si Alias "Abing" ay nakumbinseng sumuko kasama ang isang unit ng Colt Cal. 45 pistol na may SN 256119, isang magazine, at limang ammunition.

Naglabas si Judge Judith D. Orendain-Tonogbanua, ng RTC 6, Branch 20 ng Mambusao, Capiz ng Warrant of Arrest para sa krimen ng Attempted Murder noong Oktubre 30, 2017, may mga Criminal Case Numbers C-17-1862-10, C-17-1863-10, C-17-1864-10, C-17-1865-10, C-17-1866-10, C-17-1867-10, C-17-1868-10 at C-17-1869-10.

Samantala, paglabag sa Republic Act No. 9516 na may Criminal Case No. C-21-2182-02 ang inilabas at nilagdaan ni Hon. Romel L. Leonor, Judge, RTC 6, Branch 21, Mambusao, Capiz noong Marso 1, 2021.

Ang nasabing mga Warrant of Arrest kay Alias "Abing" at nag-ugat sa insidente ng pananambang noong Oktubre 7, 2013 sa Lugtuga Creek, Brgy. Nayawan, Tapaz, Capiz na nambiktima sa 61 IB, 3ID Squad Team habang nagsasagawa ng Combat Operation sa lugar na nagresulta sa isang nasugatan na operatiba.

Nirekomenda ng hukuman ang piyansang Php120,000 bawa't' isang

kasong kriminal ng Attempted Murder habang wala namang piyansa sa paglabag sa RA 9516.

Ang nasabing inaresto ay kasalukuyang sumasailalim sa debriefing at ililipat sa may hawak na korte. *(PRO 6-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# 5 NPA sa Masbate, arestado; mga baril at pasabog, nasamsam

**Muling nagkamit ng panibagong tagumpay ang malakas na ugnayan ng mga kapulisan ng Bicol at Philippine Army sa kampanya kontra terorismo. Patunay dito ang pagkakahuli sa limang miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) noong ika-25 ng Setyembre 2021 sa Sitio Bacquiad, Brgy. Piña, San Jacinto, Masbate.**

Ang pagkakahuli sa mga teroristang grupo ay bunsod ng sumbong mula sa mga concerned citizen patungkol sa naglipanang rebelde sa naturang lugar.

Nakilala ang mga nahuli na sina Michael Funelas alyas Argie, Myra Letada alyas Myra, Maricris Letada alyas Sarah, Sheryl Salazar alyas Sheryl, at Vicky Ontog alays Vicky. Ang mga ito ay pawang mga miyembro ng Platoon 2, Larangan 1, Komiteng Probinsya 4.

Samantala, narekober ng mga awtoridad mula sa pinaghihinalaang tinutuluyan ng makakaliwang grupo ang isang (1) improvised shotgun, limang (5) molotov bombs, bandolier na may walong (8) magasin, mga bala para sa M16, tatlong (3) commercial radios, batteries, chargers, remote para sa personal-mine, isang rolyo ng detonating cord, cellphone, hammock, at iba pang mga personal na kagamitan.

Ipinapaabot naman ng mga kapulisan ng Bicol at AFP ang pasasalamat nito sa komunidad sa walang sawang pagsuporta sa mga programa at inisyatibo nito upang wakasan na ang karahasan at panlilinlang ng mga rebeldeng grupo.

Nanindigan naman si PBGen Jonnel C Estomo, Regional Director ng Police Regional Office 5 sa paghahanap ng mas epektibong paraan upang buwagin ang pulang sandatahan na walang mabuting idinulot sa pamayanan.

"Katuwang ang ating AFP Counterparts, mas palalawigin natin ang kampanya kontra insurhensya. Hindi tayo titigil hangga't hindi ito nauubos. Sa kabilang dako, patuloy rin ang ating paghikayat sa iba pang miyembro nitong nais na magbalik-loob at magsimula muli ng panibagong yugto sa kanilang buhay na malayo sa madugo at walang kabuluhang pakikipaglaban", pagtatapos ni PBGen Estomo.

# 3 suspek, huli sa P1-bilyon anti-illegal drug ops sa Cavite



**Mahigit P1-bilyon halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam sa isinagawang buy-bust operation ng mga awtoridad sa Bacoor City, Cavite kaninang umaga, Oktubre 1, 2021.**

Arestado ang tatlong (3) suspek na kinilalang sina Jorlan San Jose, 26 anyos; Joseph Maurin, 38 anyos; at Joan Lumanog, 27 anyos. Ang mga akusado ay pawang mga residente ng Talakag, Bukidnon at kilalang mga distributor ng iligal na droga sa CALABARZON.

Narekober ng mga awtoridad sa kanila ang higit-kumulang 149 kilo ng shabu na nagkakahalaga ng P1.028-bilyon; boodle at buy-bust money; at isang Nokia cellular phone.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, ang naturang operasyon ay ikinasa ng magkasamang pwersa ng Philippine National Police (PNP), Armed Force of the Philippines (AFP), National Intelligence Coordinating Agency (NICA) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

# Php68-milyon shabu, nasabat sa Las Piñas anti-drug ops



**Dalawang (2) suspek ang naaresto habang 10 kilo naman ng iligal na droga ang nasabat sa matagumpay na buy-bust operation ng mga awtoridad noong Setyembre 25, 2021 sa Las Piñas City.**

Bandang 5:00 ng hapon sa kahabaan ng C5 Extension, Barangay Manuyo I, unang nadakip si Jealal Shaikalabi Mimbalawag, 23 anyos at residente ng Quiapo, Manila. Nakuha mula sa kanya ang limang (5) kilo ng shabu.

Huli naman sa follow-up operation ang isa pang suspek na si Arabilla Leono, 29 anyos. Nakumpiska sa kanyang pag-aari ang limang (5) kilo ng shabu.

Sa kabuuan, nasa 10 kilo ng shabu ang nasabat ng mga awtoridad na tinatayang nagkakahalaga ng Php68-milyon batay sa Standard Drug Price.

Nasa pangangalaga ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Laboratory Service ang mga nakumpiskang ebidensya habang ang mga suspek ay nasa kustodiya naman ng PDEA Jail Facility at kakasuhan ng paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon ay isinagawa ng magkasamang pwersa ng PDEA, National Intelligence Coordinating Agency, at ng Philippine National Police.

# Php30.4 milyong halaga ng marijuana, sinunog sa Mountain Province



**Matagumpay na sinira at sinunog ng mga awtoridad ng Mountain Province ang 30.4 milyong halaga ng marijuana sa kanilang isinagawang Operational Plan (Oplan) Herodotus sa Mount Paras, Saclit, Sadanga, Mountain Province.**

Ayon sa ulat na isinumite kay Police Brigadier General Ronald Lee, Regional Director ng Police Regional Office Cordillera, nasa 152,000 fully-grown marijuana plants ang sinira at sinunog sa tatlong cladestine Cannabis farms sa naturang lugar.

Ang naturang operasyon ay pinangunahan ng Sadanga Municipal Police Station kasama ang mga awtoridad ng Mountain Province sa ilalim ng pangangasiwa ni PCol Ruben Andiso, ang Provincial Director ng Mountain Province.

Bukod pa dito, nagbigay din sila ng sample sa Provincial Crime Laboratory Office sa Bontoc para sa qualitative examination.

Sa kasalukuyan ay nagsasagawa ang mga kapulisan ng imbestigasyon upang tukuyin ang nagmamay-ari ng nasabing Marijuana farms.

# Halos P7-milyon shabu, nasabat sa Parañaque City buy-bust

**Huli ang tatlong (3) suspek sa buy-bust operation na ikinasa ng PNP Drug Enforcement Group, kasama ang Parañaque City Police Station at San Dionisio Police Sub Station 4 sa Sucat, Parañaque City noong Setyembre 30, 2021.**

Bandang 4:00 ng hapon nang isinagawa ang naturang operasyon kung saan nadakip ang tatlong (3) suspek na sina Esmail Taha Abdilla alyas "Waway Taba", 30 anyos, kilalang miyembro ng Arman Apinado Robbery and Illegal Drug Group, residente ng Tandang Sora, Quezon City; Salahudin Burak Zumbaga, 29 anyos, residente ng Quiapo, Manila; at Amad Abo, 28 anyos, residente ng Parañaque City.

Nakuha mula sa mga suspek ang higit-kumulang isang (1) kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php6,800,000 batay sa Standard Drug Price (SDP).

Bukod dito, kinumpiska rin ng mga awtoridad ang buy-bust money, Ford Lynx na gamit ng mga suspek, mga identification card, at apat (4) na cellphone.

Kasalukuyang nasa pangangalaga ng PNP DEG ang mga nadakip na suspek kabilang ang mga nakumpiskang ebidensya para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 39 * Setyembre 25 - Oktubre 1, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# KaligKasan: PRO 10 at LGU Camiguin, nanguna sa paglagay ng Artificial Reefs sa Mantigue Island





**White Island, Hot Springs at Sunken Cemetery, ilan lang ito sa mga yaman ng Isla ng Camiguin sa Northern Mindanao. Dahil sa kasaysayan bilang isang Volcanic Island, isa ito sa pinakamayabong at malago na isla sa Pilipinas sa likas na yamang lupa at dagat. Sa katunayan, meron itong tatlumpu't isang (31) idineklarang mga lugar na marine protected. Dahil dito, patuloy pang iniingatan at pinagyayaman ng Lokal na Gobyerno at ng Kapulisan sa Rehiyon 10 ang Isla.**

Noong Setyembre 25-26, 2021, dumalo ang PNP PRO 10 sa pangunguna ni Police Brigadier General Rolando B Anduyan, Regional Director sa isang Ride and Dive activity na naaayon sa PNP KaligKasan Program at pagdiriwang ng Maritime at Archipelagic Nation Awareness Month tuwing Setyembre.

Pinangunahan ng Lokal na Probinsya ng Camiguin at PRO 10 ang paglalagay ng mga Mooring Buoys at artipisyal na bahura sa Isla ng Mantigue sa Camiguin upang itaguyod ang buhay dagat sa lugar at makontrol ang pagguho ng lupa sa ilalim ng dagat. Maiiwasan rin ang karagdagang pinsala sa mga sensitibong lugar ng coral reef habang pinapayagan ang industriya ng turismo.





# Isang pulis Abra, naging instrumento sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa edad na 21








**Malaki ang naging papel sa buhay ni Ginoong Rinyel Domingo, 21 taong gulang at residente ng Tamac, Villaciosa, Abra ang isang pulis sa katauhan ni Pat Brian Merk Agagne. Noong kalagitnaan nga ng Agosto taong kasalukuyan, habang nagsasagawa ng Community Support Program sina Pat Agagne kasama ang mga kapulisan ng Abra Provincial Mobile Force Company nang makilala niya si Ginoong Domingo. Dito nga ay nagkwentuhan sila hanggang sa nalaman ni Pat Agagne na hindi nakapagtapos si Ginoong Domingo ng kanyang pag-aaral kung saan hinikayat niya ito na ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa kabila ng kanyang edad.**

"Hindi pa huli ang lahat para tapusin mo ang iyong pag-aaral, kailanman ay hindi hadlang ang edad o kahit ano pang hamon sa buhay na iyong kinakaharap upang tapusin mo ang iyong pag-aaral", ito ang ilan sa binitawang salita ni Pat Agagne habang kinukumbinsi si Ginoong Domingo.

Dahil nga sa panghihikayat ni Pat Agagne, nakumbinsi si Ginoong Domingo na ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral kung saan nag-enrol siya sa Tamac Integrated School nito lamang pasukan.

At noong Setyembre 20 taong kasalukuyan naman kasabay ng pagsisimula ng Distant Learning sa naturang paaralan ay muling binisita ni Pat Agagne si Ginoong Domingo para bigyan ng brand new Android phone na binili niya mula mismo sa kanyang bulsa para may magamit si Ginoong Domingo sa kanyang pag-aaral at modules.

# 180 mag-aaral sa Cagayan, tumanggap ng maagang pamasko

**Labis ang tuwa at ngiti sa mga labi ng mga mag-aaral ng Cataracat Elementary School sa Amulung, Cagayan matapos makatanggap ng maagang pamasko sa pamamagitan ng Project SKUL-CARE.**

Nasa 180 mag-aaral ang nakatanggap ng bagong tsinelas at school supplies mula sa Cagayan Provincial Mobile Force Company (PMFC). Bukod pa dito, nagsagawa rin ng feeding program ang mga kapulisan.

Nagpaabot naman ng pasasalamat ang mga magulang sa mga natanggap ng kanilang mga anak. Anila, malaking bagay ito para sa kanila lalo pa't krisis.

Samantala, kabilang sa mga dumalo sa nasabing programa ay sina PLtCol Lord Wilson Adorio, Force Commander ng Cagayan PMFC; Ms. Charisa Paguila, Principal I; mga guro; at mga opisyal ng barangay.

Ang Project SKUL-CARE (Students Keen Understanding on Localized Community Awareness for a Responsive Environment) ay inisyatibo ng Cagayan PMFC na naglalayong magbigay-tulong at suporta sa mga estudyante. Gayundin, maimulat sa mga kabataan na ang kapulisan ay hindi dapat katakutan bagkus ay kakampi at maasahan sa anumang pangangailangan.

